International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies

ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017

Driving Transformative Impact Across Disciplines

**Peer Review Report Form**

| | |
|---|---|
| **Pamagat ng Manuskrito:** | E- Sulatek: Kagamitang Pantulong sa Pagwawasto ng Sulatin ng mga Mag-aaral sa Dibisyon ng Camarines Norte |
| **Uri ng Artikulo:** | Orihinal na Artikulo |

## UNANG YUGTO

### Editor

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Kinikilala ng mga tagasuri ang kahalagahan ng inyong manuskrito at inirerekomenda ang mga rebisyon upang higit pang mapabuti ang kalinawan, organisasyon, at pangkalahatang kalidad nito.<br><br>Bukod dito, kinakailangan ninyong magsagawa ng masusing imbentaryo ng mga sanggunian sa inyong manuskrito. Tiyakin na ang mga sangguniang binanggit lamang sa loob ng manuskrito ang nakatala sa seksyong “Mga Sanggunian”, gayundin, na ang lahat ng sanggunian ay maayos na nabanggit sa manuskrito. Halimbawa, kung may 20 sangguniang binanggit sa manuskrito, dapat ay 20 lamang din ang nasa seksyong “Mga Sanggunian”. Gayunpaman, tandaan na ang paulit-ulit na pagbanggit sa iisang sanggunian sa loob ng manuskrito ay binibilang bilang isang *entry* lamang; kaya maaaring mas mababa ang bilang ng mga entry sa seksyong ito, kumpara sa kabuoang bilang ng *in-text citations*. |

### Tagasuri 1

| **Pangkalahatang Puna** |
|---|
| Maganda at napapanahon ang paksa ng pananaliksik, lalo na ang pagbuo ng isang AI-based tool (E-Sulatek) para sa pagwawasto ng mga sulatin sa wikang Filipino. Malaki ang potensyal nitong makapag-ambag sa pedagogical approaches at educational technology. |

| **Tiyak na Puna** |
|---|
| Nabanggit sa papel na matapos ma-*extract* ang teksto, awtomatiko itong susuriin ng AI batay sa gramatikang ginamit. Gayunpaman, isang malaking suliranin dito ang kawalan ng malinaw na teknikal na paliwanag sa Metodolohiya. Hindi tinukoy kung anong uri ng *AI model* ang ginamit, paano ito sinanay upang makaunawa at makapagsuri ng wikang Filipino, o kung gumamit ba ang mga mananaliksik ng umiiral na API. Bukod dito, malinaw na nakasaad sa Abstrak na ginamit ang modelong ADDIE bilang batayan sa disenyo ng pag-aaral. Gayunpaman, hindi ito sapat na natalakay sa pangunahing bahagi ng papel, partikular sa Metodolohiya. Dahil dito, kailangang ipaliwanag ng mga may-akda ang teknikal na aspeto ng paggamit ng *AI* upang maiwasang magmukhang *“black box”* ang proseso ng E-Sulatek. |

International Journal of *Transformative* Multidisciplinary Studies

**ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017**

***Driving Transformative Impact Across Disciplines***

| |
|---|
| Iminumungkahi rin na iayon at isa-isahin ang Metodolohiya batay sa mga yugto ng *ADDIE, kabilang ang Analysis, Design, Development, Implementation, at Evaluation,* upang malinaw na maipakita ang sunod-sunod na proseso ng pagbuo, pagsubok, at pagtataya ng *software.* |
| Mayroong hindi pagkakatugma sa pagpili ng mga kalahok na maaaring magdulot ng isyu sa *external validity* ng pag-aaral. Sa isinagawang inisyal na sarbey, ginamit ang *total population sampling* sa 281 mag-aaral mula sa Sta. Cruz National High School. Gayunpaman, sa aktuwal na pangangalap ng datos, lumawak ang sakop ng pag-aaral gamit ang *stratified random sampling* sa 361 mag-aaral mula sa buong Dibisyon ng Camarines Norte.<br><br>Kailangang mabigyang-katwiran sa papel kung bakit ang *needs analysis* o inisyal na sarbey ay nakabatay lamang sa isang paaralan, ngunit ang implementasyon at pagsusuri ng sistema ay isinagawa sa mas malawak na sakop, partikular sa buong dibisyon. Dapat ding maipaliwanag ng mga may-akda kung paano ang konteksto ng Sta. Cruz National High School ay maituturing na kinatawan ng kabuoang Dibisyon ng Camarines Norte. Mahalaga ito upang mapatunayan ang pagiging balido at angkop ng pagpapatuloy ng pag-aaral sa mas malawak na populasyon. |
| Makikita sa Talahanayan 1, 2, at 3 na bago pa man gamitin ang E-Sulatek, ang antas ng kaalaman ng mga mag-aaral ay nasa kategoryang “Mahusay” na, na may mean na 3.12 sa Pagbaybay, 3.14 sa Pagbabantas, at 3.19 sa Gamit ng Salita. Bagama’t nagkaroon ng *statistically significant* na pagtaas sa *post-test*, na may mean na 3.67, 3.57, at 3.78, kailangang bigyang-diin na ang *practical improvement* ay maaaring hindi ganoon kalaki sapagkat mataas na ang *baseline* na kaalaman ng mga mag-aaral bago pa man ang interbensyon.<br><br>Kailangang talakayin ng may-akda sa bahagi ng Diskusyon ang limitasyong ito. Dapat suriin kung ang ginamit na *teacher-made rubric* ay masyadong madali o hindi sapat ang antas ng kahirapan upang masukat ang mas malinaw na pag-unlad ng mga mag-aaral. Mahalaga ring talakayin ang posibilidad ng *ceiling effect*, kung saan dahil mataas na ang panimulang marka ng mga mag-aaral, limitado na ang espasyo para sa mas malaking pagtaas o pag-unlad matapos gamitin ang E-Sulatek. |
| Mahusay na nabanggit ang *Data Privacy Act of 2012 o Republic Act No. 10173* bilang bahagi ng etikal na pamantayan ng pananaliksik. Gayunpaman, dahil ang E-Sulatek ay isang *web-based platform* kung saan magla-*login* ang mga guro at mag-aaral at mag-*upload* ng kanilang mga sanaysay, hindi sapat ang pangkalahatang pagbanggit lamang sa batas.<br><br>Bilang isang *IT/EdTech paper*, kailangang magdagdag ang mga may-akda ng maikling pagtalakay kung paano eksaktong pinrotektahan ng *system* ang datos ng mga *user* sa mismong *software level.* Maaaring isama rito ang pagpapaliwanag tungkol sa *encryption*, lokasyon at seguridad ng *server, access control, user authentication, data retention policies*, at kung paano pinipigilan ang hindi awtorisadong pag-access sa mga *uploaded essays* at personal na impormasyon ng mga mag-aaral. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **Pasya** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| | |
|---|---|
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**Tagasuri 2**

| **<u>Pangkalahatang Puna</u>** |
|---|
| Ang manuskrito ay may mahalagang paksa dahil tumutugon ito sa pangangailangan ng mga guro at mag-aaral sa pagwawasto ng sulatin gamit ang E-Sulatek. Gayunman, bago ito maging angkop sa international journal, kailangan pang palakasin ang metodo, pagsusuri ng datos, at paglalahad ng limitasyon ng pag-aaral. |

| **<u>Tiyak na Puna</u>** |
|---|
| Hindi pa sapat ang linaw ng metodolohiya. Binanggit ang deskriptibo, debelopmental, ebalwatib, quantitative approach, at ADDIE, ngunit hindi malinaw kung paano eksaktong ginamit ang bawat disenyo. Mahalaga itong ayusin upang masundan ng mambabasa ang proseso ng pagbuo, pagsubok, at pagsusuri ng E-Sulatek. |
| Kailangang dagdagan ang ebidensya tungkol sa mismong teknikal na bisa ng E-Sulatek. Dahil *AI-based* ang kagamitan, dapat ipaliwanag kung paano nito sinusuri ang sulatin, gaano katumpak ang *grammar/checking function*, at paano natiyak ang *reliability* ng *output*. Kung wala ito, mahirap tanggapin ang *claim* na epektibo ang sistema. |
| Medyo malakas ang pag-angkin na ang pagtaas ng *post-test scores* ay dahil sa E-Sulatek. Dahil walang *control group*, dapat maging maingat ang diskusyon at kilalanin na maaaring may ibang salik na nakaapekto sa resulta. Makakatulong din ang paglalagay ng *effect size* o mas malinaw na interpretasyon ng *Wilcoxon test.* |
| May ilang hindi pagkakatugma sa interpretasyon ng resulta. Halimbawa, may mga mean score na pasok sa kategoryang “Mas Mahusay/Proficient”, ngunit nailahad pa rin bilang “Mahusay.” Kailangang rebyuhin ng mga may-akda ang lahat ng talahanayan at ang katumbas na verbal interpretation ng bawat mean score upang matiyak na tama at pare-pareho ang paglalahad ng datos.<br><br>Mahalaga ito sapagkat ang ganitong inconsistency ay maaaring makaapekto sa kredibilidad at katumpakan ng findings ng pag-aaral. |

**Mangyaring ipahiwatig ang iyong pasya sa pamamagitan ng pag-tsek sa naaangkop na kahon sa ibaba.**

| **<u>Pasya</u>** | |
|---|---|
| | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. |
| ✓ | Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. |

International Journal of Transformative Multidisciplinary Studies
ISSN Print: 3116-3009 | ISSN Online: 3116-3017
Driving Transformative Impact Across Disciplines

| | |
|---|---|
| | Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. |

**IKALAWANG YUGTO**

| **Pasya** | **Editor** | **Reviewer 1** | **Reviewer 2** |
|---|---|---|---|
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon. | / | / | / |
| Tanggapin ang manuskrito para sa publikasyon, ngunit kinakailangang masunod nang kasiya-siya ng may-akda ang mga komento at rekomendasyon ng mga tagapagsuri. | | | |
| Tanggihan ang manuskrito dahil hindi ito angkop para sa publikasyon. | | | |